

# 1

“You don’t look so good. Are you sure you’re up to this?” tanong ni Quinn Davenport sa kaibigang si Franco Olivarez. Kapwa sila smoke jumpers na miyembro ng isang *Hotshot Crew* na naka-base sa Missoula, Montana. Kasagsagan ng fire season at nakatanggap ng tawag ang kanilang dispatcher sa Hale Field tungkol sa isang wildfire na kasalukuyang nagaganap sa isang gulch, ilang milya ang layo sa Missouri River. Sakay sila ng isang *C-47* kasama ang thirteen pa na smoke jumpers.

Franco joined the *National Inter-agency Hotshot Crew* when he was twenty-four. At his present age of twenty-nine ay isa na siyang assistant superintendent o foreman. Isa siyang Fil-Am. Isang Montana native ang kanyang mommy at Filipino naman ang daddy niya na isa ring retiradong smoke jumper. Nag-migrate sila ng US noong limang taong gulang siya, pero taun-taon silang nagbabakasyon sa Pilipinas.

Si Quinn ay may dugo ring Pinoy sa mother side at ipinanganak naman sa Texas. Squad leader ito ng grupo at pumapangalawa sa kanya sa command. Naging matalik silang magkaibigan during their training, nang sabay silang matanggap sa *NIHC*.

“Yeah, I’m fine. Just a little headache,” aniya sa kaibigan. “How’s Darlene?” tukoy niya sa Filipina girlfriend nito na nakilala

nito one time na napagkatuwaan nitong mag-chat. Isa itong nurse na nagtatrabaho sa isang ospital sa Manila.

Isang excited na ngiti ang gumuhit sa mga labi ng binata.

“Beautiful as ever!”

Umugong ang malutong niyang halakhak sa loob ng cabin.

“Talaga bang seryoso ka na sa babaeng iyan? Are you even sure na totoong lahat ang sinabi niya sa iyo?” skeptical niyang tanong.

Ni minsan ay hindi pa niya nakita ang hitsura ng dalaga. Basta ang alam lang niya ay ang buong pangalan nito, na taga-Caloocan ito at nagtatrabaho nga bilang nurse sa *St. Luke’s Medical Center*. Mabait daw ito at matalino. Idagdag pang masaya itong kausap.

“Of course I am! I’m so happy to have her. She’s everything that I’ve dreamed of in a girl.”

He smirked. Hindi pa rin siya kumbinsido. Hindi siya inosente sa kalakaran sa loob ng chatroom. Eighty percent of chatters are first class liars. Hindi na niya kailangan ng proof para maniwala roon.

“Quit being skeptical, Franco. Hindi bagay sa iyo,” Quinn commented with a grin.

“So, do you plan to propose to her?”

“As soon as this fire season is over, the first thing I’ll do is to book a flight to Manila and marry her.”

Gusto niyang bumunghalit ng tawa.

“Good luck, Buddy!” kulang sa excitement na bati niya. Tinaasan lang siya nito ng kilay.

“Basta, Pare... if anything happens to me, puntahan mo si Darlene. And give her this.” Iniabot nito sa kanya ang isang pahabang kahita. “Tell her I love her so much.”

Tuwing may misyon sila, naging ugali na nila na magbigay ng huling habilin sa isa’t isa. It’s a normal thing for them kahit may pagka-morbid ang dating. Pero kaiba ang oras na iyon. Nakaramdam si Franco ng kabang hindi niya maipaliwanag.

Sumenyas ang spotter na nakasilip sa ibaba. Nagbigay ito ng instruction sa piloto dahil malapit na sila sa jump site. The spotter then informed them. With a serious face, he addressed his crew.

“All right, guys. This is it. Get your gears ready!”

Kanya-kanya nang handa ang mga smoke jumpers. As a general rule, mauuna siyang lumundag para i-survey ang paligid bilang siya ang pinaka-leader. They would jump in groups of four.

The plane took a slow turn. The pilot gave them an okay signal. He put on his wire meshed helmet, and jumped along with three others. The plane then took a large lazy circle and

another group jumped. Ganoon ang naging routine hanggang sa makatalon silang lahat. Huling inihagis ng spotter ang kanilang mga dalang cargo.

Hindi na nagtaka si Franco nang mag-maintain lang ng altitude ang eroplano. Dapat kasi ay bababa ito nang kaunti bago ihagis ang kanilang cargo. Hindi kasi kontrolado ang cargo chutes at iniwasang mapalayo ang bagsak niyon o masira. Pero dahil naramdaman na niya kanina ang turbulence sa hangin, iyon marahil ang naging rason ng piloto.

Bumagsak ang cargo ilang metro mula sa kanilang kinaroroonan. Mabilis siyang nagsama ng tauhan para i-retrieve ang mga iyon.

“All right, men, listen up. Here’s the situation.”

Sa sumunod na mga minuto ay inulit niya sa mga tauhan ang pinag-usapan kanina sa briefing sa headquarters.

Ang sunog ay nagaganap sa south side ng gulch, sa gawi malapit sa Missouri River. Ang plano ay ang mag-hike sila sa northern slope toward the river at saka aapulain ang sunog from behind. It’s an easy task at inaasahan nilang idedeklara nilang fire out makalipas ang dalawang oras.

“Is everything clear?” aniya.

“Yes, Chief!” chorus ng lahat.

“All right, let’s go! Let’s get this over with!”

With shovels, pulaskis and saws in hand, they marched out.

Ang binabagtas nilang terrain ay isang deep V valley sa pagitan ng dalawang ridge. Para iyong funnel na makipot pagdating sa bukana ng ilog. Ang wildfire ay nasa pinakamataas na bahagi ng southern ridge, malapit sa isang canyon.

Franco's crew hiked down gulch obscured by small ridges and rock formations which runs along the slope. Dahil sa nakaharang na mga bato at sa hindi patag na lupa, hirap silang sipatin ang nagaganap sa unahan. Wala silang kaalam-alam na lumala na pala ang sitwasyon.

Dahil sa mababang humidity at sobrang init na weather condition, at sabayan pa ng malakas na hangin, may mga upos na nilipad at nag-land sa kabilang panig. Ang sunog ay tumawid na sa northern slope at mabilis na nilamon ang mga mature ponderosa pines.

The fire had blown up, isang phenomenon kung saan gumagapang ang apoy at nilalamon ang madaanang combustible materials nang mas mabilis kaysa sa normal na pagkalat ng apoy. Kalimitan ay sumasabog na lang ang bawat madaanan dahil sa bilis ng ragasa ng apoy at tindi ng init. For a wildland firefighter, it was the worst situation, next to a firestorm.

Walang kamalay-malay si Franco na pasalubong sila sa paparating na inferno. Not until they came over a ridge that he saw the raging fire just a few hundred yards away, and rapidly

coming toward them.

“Turn back! Turn back!” hiyaw niya sa mga kasama. Halatang bigla ring nag-panic ang mga ito nang makita ang paparating na lagablab.

Parang mga dagang bigla na lang nagpulasan ang mga ito.

“Drop your tools!”

Hindi na niya kailangang ulitin pa ang sinabi. Isa-isa nang nag-discard ang mga kasama niya ng mga dalang tools at basta na lang iniwan. Siya ma’y binitiwang rin ang hawak na pulaski.

Sa likod ay dinig na dinig niya ang pagpuputukan ng mga puno and the searing sound of dry vegetation being eaten up by fire.

Habang tumatakbo ay hinanap ng mga mata niya si Quinn. Nakita niya itong nauuna sa kanya, patakpong umaakyat sa pinakamataas na ridge. Ganoon din ang ginagawa ng iba. Sa tantya niya ay mahihirapan sila kung pipilitin nila. Masyadong matarik ang lupa. Hindi na nila kakayanin dahil maabutan sila ng apoy. Kahit naman sanay silang mag-hike nang mabilis, the ground condition reduced their speed to almost half.

With adrenaline pumping, mabilis na gumana ang kanyang utak.

He looked behind. Mga limang minuto pa at maaabutan na sila ng apoy. He could already feel the burning heat of the

flame. May ideyang biglang pumasok sa kanyang isip. Gagawa siya ng escape fire.

Ang escape fire ay isang proseso ng intentional na pagsusunog ng combustible materials para i-clear ang isang patch ng lupa. Applicable lang ito sa grassland dahil mas madaling masunog ang damo kaysa mga puno.

Hindi katulad ng tinatawag na firebreak, ginagawa ito ng isang smoke jumper hindi upang kontrolin ang pagkalat ng apoy kundi para iligtas ang sarili kapag hinihingi ng sitwasyon. At kapag hindi kakayanin ng isang fire shelter ang matinding init.

Inilabas niya ang lighter at sinilaban ang damuhang malapit sa kanya. Segundo lang at mabilis iyong natupok. It cleared a patch of earth safe for them to lie on.

“Men, get inside the escape fire!” sigaw niya. “Quinn!”

It must be the noise, dahil halos hindi na rin niya marinig ang sarili. Kasing-ingay ng isang bukas na blow torch ang paligid, amplified by a hundred times.

Ni wala isa mang lumapit sa kanya.

“Quinn!”

Sandali niyang inisip kung susundan ang kaibigan. Ngunit mas nangibabaw ang survival instinct niya. Pumuwesto siya sa gitna ng lupa na na-clear nang magsunog siya ng damo, dumapa at naghintay.

Ramdam niya ang init sa kanyang paligid at ilang ulit din siyang umangat sa lupa dahil sa updraft na likha ng apoy. Lumikha ng nakahihindik na ingay ang patuloy na paggapang niyon.

“Quinn!”

May narinig siyang hiyaw pero hindi siya sigurado. Nananakit na rin ang mga mata niya sa usok. Pero wala siyang magawa kundi ang manatiling nakadapa at maghintay.

It seemed like eternity nang magsimulang kumalma ang paligid. The acrid smell of burnt vegetation dominated the air. Nanghihinang tumayo si Franco. Umaapoy pa rin ang ilang mga puno sa di-kalayuan, but the fire had almost burned itself. Umuusok ang nagniningas na duff sa lupa.

Dinalahit siya ng ubo. Near zero ang visibility dahil sa makapal na usok.

“Q-Quinn!” he called out for his friend. May narinig siyang mga ungol, pero hindi niya tiyak kung ang kaibigan nga iyon.

*Oh, God!* Nanlulumong pilit niyang kinalma ang sarili. Hindi niya alam kung nakaligtas ang mga kasamahan niya. Naglakad siya kahit hindi niya gaanong kita ang paligid. It was a dangerous move as he can trip and fall on a rock.

He did trip and fell on to something. Pero hindi sa isang bato. It was the burnt body of one of his colleagues.



“Jesus!” Napaatras siya bigla, muntik nang masuka sa nakita. Mayamaya ay narinig niya iyon—isang ungol.

Sinundan niya ang pinagmulan niyon. By then ay unti-unti nang nasanay ang mga mata niya sa makapal na usok. Malabo pero kita na niya ang slope. At nanlumo siya sa mga bultong nakita niyang nakalupasay sa lupa. Obviously, hindi nakaligtas ang mga kasamahan niya.

His heart raced faster. Hinanap niya sa mga namatay ang kaibigan. But the bodies were badly burnt beyond recognition. And then he heard the pitiful moan again. Doon sa bandang itaas.

“Quinn?”

May naaninaw siyang kumilos.

“Quinn!” bulalas niya nang makumpirmang ito nga ang kaibigan. Hindi niya mapigil ang mapaiyak sa nakitang kondisyon nito.

Quinn suffered third degree burns all over his body. Parang dumikit na nga sa nasunog na balat nito ang nag-melt na uniporme. He was so badly burnt na kahit sa kaunting pagkilos ay gumuguhit sa mukha nito ang matinding sakit.

“H-hang in there, Buddy!” assurance niya rito. Kahit gusto niya itong hawakan, hindi niya magawa sa takot na lalo pa itong masaktan.

“I... I... w-won’t... m-make it...” Bulong na lamang iyon.

Even the simplest of speech brought him excruciating pain.

“Don’t talk now, Buddy. Help is on the way. You’ll make it. I’ll make sure you will!”

Umiling ito na sinabayan ng daing. Franco cursed under his breath.

“D-Dar...l-lene... t-take c-care... of h-her... P-promise...”

“Quinn...”

“P-promise... me...”

Sunud-sunod na tango ang ginawa niya. “I promise, Buddy. I’ll take care of her.”

Kahit hirap ay pinilit ngumiti ni Quinn.

“T-thanks... B-Buddy!”

Ipinikit nito ang mga mata. His chest rose and fell in a steady rhythm. Pero alam ni Franco na malubha ang kalagayan ng kaibigan. He could be drifting into a coma right now. At wala siyang magawa.

Gusto niyang magwala. What the hell went wrong? Wala isa man sa kanila ang nag-anticipate na mag-blow up sa isang near firestorm ang sunog. It was supposed to be an average job!

Masyado siyang naging pabaya. Nakalimutan niyang hindi nila kontrolado ang kalikasan. He should’ve been more careful.

He should've thought of a more effective plan. Pero kahit sisihin niya ng makalibong ulit ang kanyang sarili, nangyari na ang trahedya. Who knew how many of his colleagues died? Kung hindi man sa direktang pagtama ng apoy ay sa asphyxia.

He sat beside his friend and silently waited for morning.

Hindi niya alam na nakatulog pala siya. Naalimpungatan siya sa sound ng rotor blades. Ilang sandali pa'y may mga nakita na siyang papalapit sa kanila.

He staggered to his feet and waved.

“Over here! Help!”

The rescue team approached them. May dalang gurney ang mga ito. Maingat na isinakay roon si Quinn.

May natagpuang tatlo pang survivors ang ibang rescue workers sa kabilang panig ng ridge. They were exhausted but unharmed. Bukod sa kanilang apat, si Quinn, at isa pang buhay pero unconscious na kasamahan niya, the rest of his crew died.

Habang sakay ng helicopter ay doon lang nakita ni Franco ang extent ng damage ng wildfire. Nilamon ng apoy ang mga puno at talahib sa kahabaan ng gulch. Nag-extend pa ito nang may ilang yarda mula sa jump site nila.

Pinanayuan siya ng balahibo. Isang milagro na nagawa niyang makaligtas.

*Sparks Of Attraction - Doreen Laroya*

---

The chopper landed at Helena. Kaagad na isinugod sa hospital ang dalawang kasamahan niyang critical ang lagay at ipinasok sa burn unit. Sila mang apat na survivors ay sumailalim din sa checkup.

Nanatili siya sa hospital kahit pa binigyan na siya ng okay signal ng doktor na maaari na siyang umuwi. Quinn's condition deteriorated. Wala nang magawa ang mga specialist para sagipin ito. Milagro na lamang ang makapagliligtas pa sa kanyang kaibigan.

Cursing wouldn't save Quinn. The least he could do was to be there for his friend until his end.

Ang isa nilang kasama na grabe rin ang kondisyon ay namatay ilang oras matapos itong i-admit. Quinn fought for his life for two days until he succumbed to death.

Pakiramdam ni Franco, para na rin siyang namatayan ng kapatid nang mawala si Quinn.